Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagsulat ng tamang pang-ukol

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-ukol na bubuo sa pangungusap.

1. Handa na ba ang mga gamit ninyo *para sa* *camping* bukas?
2. Matutulog sina Sam at Sarah *kina* Lolo at Lola mamayang gabi.
3. May balita ka ba *tungkol sa/ukol sa/hinggil sa* pagtaas ng presyo ng gasolina?
4. Ang pagdala ng *Nintendo DS* sa klase ay *labag sa* tuntunin ng paaralan.
5. *Ayon kay* Melissa, pinag-aralan nila ang pagsakop ng mga Hapones.
6. Ang puting kartolina ay binili ko *para kay* Leslie dahil may proyekto siya.
7. Mas mabuti na sundin ko ang payo *nina* Tatay at Nanay.
8. Ang paghihiwalay ng nabubulok at hindi nabubulok na basura ay *alinsunod sa* utos ng barangay.
9. Ang Intramuros ay isang makasaysayang pook na matatagpuan *sa* lungsod ng Maynila.
10. Ang mga aklat na ito ay ibibigay natin *sa mga* mag-aaral ni Binibining Salvador.
11. Ang klase *ni* Ginang Cruz ay manonood ng pelikulang *José Rizal*.
12. Ang aralin natin ngayon ay *ukol sa* mga karapatan ng batang Pilipino.
13. Hanapin mo ang *website* *ng* *Philippine Daily Inquirer*.
14. Ang balitang nabasa ko ay *tungkol kay/ukol kay/hinggil kay* Pangulong Noynoy Aquino.
15. Nagsampa na ba ng kaso ang mga biktima *laban sa* nahuling magnanakaw?
16. *Ayon sa* diyaryo, hindi pa napipili ang bagong papa ng *Vatican*.
17. Nagsimula na ang pagkampanya *ng mga* kandidato sa pagka-senador.
18. May tatlong sangay ang pamahalaan *ng* ating bansa.
19. *Alinsunod sa/Ayon sa* kasunduan natin, magbabayad ka ng limangdaang piso para sa pag-arkila ng dyip.
20. Pinasasabi niya na magkita kayo *sa* harap ng paaralan bukas nang alas-siyete ng umaga.